



## Buod sa Simpleng Wika - Patakaran sa Pinansiyal na Tulong o Financial Assistance Policy (FAP)

Mayroong patakaran sa pinansiyal na tulong ang HMH Carrier Clinic para magbigay ng bahagya o buong diskuwento marahil pang medikal o kinakailangang pangmedikal na pangangalaga batay sa pasyente at pinagkukunan ng pamilya. Dapat kumpletuhin ng mga pasyenteng naghahanap ng pinansiyal na tulong ang Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong (FAP) na ibinuod sa ibaba at magagamit gaya ng sumusunod.

### Karapat-dapat na mga Pasyente/Serbisyo

Kasama sa karapat-dapat na mga serbisyo ang lahat ng mga kinakailangang pangmedikal na serbisyong ibinigay ng HMH Carrier Clinic. Kabilang sa mga karapat-dapat na pasyente ang lahat ng mga pasyenteng nagsumite ng aplikasyon sa Pinansiyal na Tulong (kabilang ang kinakailangang dokumentasyon) at ang tiniyak na karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong.

Ang pagiging kuwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong ay natitiyak matapos suriin ang isinumiteng aplikasyon at sumusuportang dokumentong pampinansyal.

### Paano Mag-apply

Puwedeng mag-apply ang indibiduwal sa pinansiyal na tulong sa pamamagitan ng pagpuno sa nakaimprentang kopya ng aplikasyon. Makukuha nang libre ang naka-print na aplikasyon gamit ang alinman sa mga sumusunod na pamamaraan:

- **Sa Pamamagitan ng Koreo:** Sa pagsulat sa sumusunod na address at paghiling ng kopya ng aplikasyon para sa pinansiyal na tulong: HMH Carrier Clinic 252 County Road 601 Belle Mead, NJ 08502, Attn: Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente
- **Personal:** Administration Bldg (Patient Financial Services Dept); 252 County Road 601 Belle Mead, NJ 08502 (Lunes hanggang Biyernes, 8:00 AM - 4:30 PM)
- **Gamit ang Telepono:** Matatawagan ang Patient Services Dept sa 908-281-1522
- **Website:** <https://carrierclinic.org/2019/08/09/carrier-clinics-financial-assistance-policy/>

Ang mga nakumpletong aplikasyon ay maaaring ipadala sa mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente sa 252 County Road 601 Belle Mead, NJ 08502

### Mga Available na Wika:

Ang Patakaran sa Pinansiyal na Tulong, Patakaran sa Pagsingil at Koleksyon, Buod ng Simpleng Wika, Listahan ng mga Karapat-dapat at Di-karapat-dapat na Provider, at Aplikasyon sa Pinansiyal na Tulong ( Financial Assistance Application) ay available nang libre sa Ingles at sa pangunahing wika ng alinmang mamamayan na may limitadong kasanayan sa Ingles na bumubuo sa mas mababa sa limang porsiyento (5%) ng 1,000 indibidwal sa loob ng pangunahing lugar ng serbisyo na pinaglilingkuran ng HMH Carrier Clinic. Makukuha ang mga libreng kopya ng salin sa sumusunod na website: <https://carrierclinic.org/2019/08/09/carrier-clinics-financial-assistance-policy/>

### Pagpapasya sa pagiging Karapat-dapat

Ang mga pasyenteng naghahanap ng pinansiyal na tulong ay maaaring maging karapat-dapat sa pagbabawas ng halaga batay sa pagsusuri sa impormasyong ibinigay sa Financial Assistance Application kabilang ang Available na mga Mapagkukunan ng Sambahayan o Available Household Resources (AHR). Iniuugnay ang AHR sa kabuuang pinansiyal na mapagkukunan ng sambahayan kung saan nakatira ang pasyente. Ang pasyenteng may AHR na 100% o mas mababa sa angkop na antas ng Federal Poverty Guidelines, depende sa laki ng kanilang pamilya, ay maaaring maging karapat-dapat sa pagbabawas na hanggang 100% ng gastos ng kanilang kwalipikadong mga medikal na serbisyo. Ang karapat-dapat na pasyente ay hindi sisingilin nang higit para sa Emergency o



Hackensack  
Meridian *Health*  
Carrier Clinic

Nobyembre 11, 2019

iba pang mga kinakailangang mga pangmedikal na serbisyo kaysa sa Halaga na Karaniwang Sinisingil o Amounts Generally Billed (AGB) sa mga pasyente na may insurance.

- Para sa tulong o mga katanungan, mangyaring bumisita sa mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente (Lunes hanggang Biyernes, 8:00 AM – 4:30 PM) na matatagpuan sa Gusali ng Administrasyon sa: 252 County Road 601 Belle Mead, NJ 08502 o tumawag sa 908-281-1522.